

Varex Imaging Corporation

Kodigo ng Asal

Ang Varex ay nakatuon sa pagbuo ng makabagong mga teknolohiya sa X-ray na pag-iimahe para sa medikal, pang-industriya, at panseguridad na mga aplikasyon upang magtuklas, magsuri, at magprotekta. Sa pagtupad sa misyon ng ating kumpanya, gusto naming gawing mas malusog, mas ligtas na lugar ang mundo at ilagay ang ating mga sarili sa mataas na pamantayan. Binibigyan ng Varex ng mataas na prayoridad ang mga wastong gawi sa negosyo. Sa lahat ng ating mga pagsisikap, sinisikap nating gumawa nang mabuti sa pamamagitan ng paggawa ng tama. Nangangahulugan ito na lahat tayo ay dapat kumilos nang wasto, responsable, at magalang ayon sa naaangkop na mga batas kung saan tayo nagpapatakbo ng negosyo.

Ang ating pangako sa wastong pagkilos ay nagsisimula sa itaas at umaabot sa lahat ng ating mga empleyado, kasosyo sa negosyo, at mga stakeholder. Sineseryoso ng Varex ang wastong pagkilos, at ang ating mga EPIC na pinapahalagahan sa korporasyon ay nag-uudyok sa ating mga kilos. Binuo namin ang Kodigo ng Asal na ito upang bigyan ka ng patnubay para sa pang-araw-araw na gawain sa negosyo kung saan maaaring mayroong mga katanungan. Ang patnubay na Kodigo ng Asal ay maaaring magsaad na ang partikular na asal ay katanggap-tanggap o hindi katanggap-tanggap, o maaaring magbigay ng mga pananggalang na tumutulong na maiwasan ang pagkakaroon ng kawalan ng kaangkupan o maling asal. Kung may mga katanungan ka, hinihikayat ka namin na magtanong at humingi ng karagdagang gabay. Ang kabiguang sumunod ay maaaring magresulta sa aksyon sa pagdisiplina, kabilang ang pagkatanggal sa trabaho. Sa huli, ang ating tagumpay ay nakasalalay hindi lamang sa pagsunod sa Kodigo ng Asal na ito at sa ating mga patakaran sa korporasyon, ngunit pati na rin sa katapatan, pagiging patas, integridad, magandang sentido kumon, at mabuting pagpapasya na dinadala nating lahat sa trabaho.

Ang pagsunod ay responsibilidad ng lahat ng mga empleyado ng Varex. Ang ating reputasyon bilang isang kumpanya na may pinakamataas na integridad ang siyang pinakamahalaga. Kumbinsido kami na ang ating pangako sa wastong pagsunod ay hindi lamang isang “pananggol” na panukala. Sa halip, ito ay isang pangako na ginagawa nating lahat na nagbibigay sa atin ng mapagkumpitensyang kalamangan na magbibigay-daan sa atin na lumago at magtagumpay bilang isang kumpanya. At bukod pa, ito ang tamang gawin!

Sunny Sanyal
Presidente at CEO

Shubham “Sam”
Maheshwari
Hepe Ng Pananalapi

Kim Honeysett
Punong Legal na
Opisyal

Karen Aranki
Punong Opisyal ng HR

Mark Jonaitis
SVP at GM,
Mga X-ray
Tube

Andrew
Hartmann
SVP at GM, Mga
Detektor

Marcus Kirchhoff
Bise Presidente,
Software

Wouter Vlaanderen
Bise Presidente,
Kumonekta & Kontrolin

Victor Garcia
Bise Presidente,
RA & QA sa Pagsunod

Pagbebenta &
Pagmemerkado
- Medikal

Jesse Merkley
Bise Presidente at GM,
Pang- Industriya

TALAAN NG NILALAMAN

PANIMULA – GAWIN ANG TAMA	1
Sino ang dapat sumunod sa Kodigo ng Asal?	
Pag-alam at paggawa ng tama	
Ano ang dapat gawin ng bawat isa sa atin	
Paano humingi ng payo at magsabi ng mga alalahanin	
Mga paglabag at hindi paghihiganti	
MERKADO	5
Naaangkop na mga batas at potensyal na salungatan	
Kaligtasan at kalidad ng produkto	
Mga ugnayan sa mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan	
Mga kagandahang-loob sa negosyo	
Panunuhol at iba pang mga pagbabayad sa korapsyon	
Patas na pagnenegosyo at pagsunod sa mga batas sa kumpetisyon	
Pagsunod sa kalakalan	
Pagtatrabaho kasama ang mga third party	
Pag-iwas sa money laundering	
MGA KAPWA EMPLEYADO	9
Lugar ng trabaho at respeto sa isa't isa	
Karapatang pantao	
Panliligalig at pang-aapi	
Patas na trabaho	
Kalusugan at kaligtasan	
Pagkapribado ng datos ng empleyado at kustomer	
KOMUNIDAD AT KAPALIGIRAN	11
Mga kontribusyon sa politika	
Sustainability ng kapaligiran	
Pakikipag-ugnayan sa ngalan ng Kumpanya	
Social media	
MGA ARI-ARIAN AT IMPORMASYON NG KUMpanya	12
Mga salungatan ng interes	
Kumpidensyal na impormasyon	
Panloob na pangangalakal at pagti-tip sa stock	
Ari-ariang intelektwal	
Pagbubunyag ng mga sekreto ng kalakalan	
Proteksyon at tamang paggamit ng mga ari-arian ng Kumpanya; Mga pagkakataon sa korporasyon	
Pagpapanatili ng talaan at pag-uulat sa publiko	
Paggamit ng mga network at sistema ng komunikasyon ng Kumpanya	
MGA PAGSUSOG, PAGBABAGO, AT PAGPAPAUWAY	15

Tandaan: Ang mga pagtukoy sa “Kumpanya” o “Varex” ay nangangahulugan na Varex Imaging Corporation at mga sangay at kontroladong mga entidad nito sa buong mundo. Ang mga pagtukoy sa “Lupon” ay nangangahulugan na Lupon ng mga Patnugot ng Varex.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa anumang aspeto ng Kodigo ng Asal na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Legal ng Varex.

PANIMULA – GAWIN ANG TAMA

Sino ang dapat sumunod sa Kodigo ng Asal?

Pag-alam at paggawa ng tama

Ano ang dapat gawin ng bawat isa sa atin

Paano humingi ng payo at magsabi ng mga alalahanin

Mga paglabag at paghihiganti

Sino ang dapat sumunod sa Kodigo ng Asal?

Pinangangasiwaan ng Kodigo ng Asal na ito ang ating mga pasya at kilos sa negosyo saan man tayo natatagpuan. Ang pagtiyak na ginagawa ng Varex ang tama ay responsibilidad ng lahat sa atin, kabilang ang:

- Mga miyembro ng Lupon, mga pinuno, at lahat ng iba pang mga empleyado ng Varex.
- Mga sangay at kontroladong mga kaakibat (mga entidad kung saan pagmamay-ari ng Varex ang higit sa 51.5 porsyento ng mga karapatan sa pagboto o may karapatan upang kontrolin ang entidad).

Bawat isa sa mga grupong ito ay responsable para sa pagsunod sa Kodigo ng Asal, mga patakaran ng Varex, at ng batas, at dumaan sa naaangkop na pagsasanay kung saan itinalaga.

Pag-alam at paggawa ng tama

Sinisikap ng Kodigo ng Asal na ito na tugunan ang pinakakaraniwang legal at etikal na mga isyu na maaari mong makaharap; gayunpaman, imposibleng matugunan ang bawat sitwasyon sa negosyo sa isang dokumento. Kapag nagpapasya kung ang kilos ay wasto at alinsunod sa Kodigo ng Asal na ito, tanungin ang iyong sarili ng sumusunod na mga katanungan:

- Nahahanay ba ang aking kilos sa ating EPIC na Pangunahing mga Pinahahalagahan?
- Sa tingin ko ba ginagawa ko ang tama?
- Naaalinsunod ba ito sa gusto kong pagtrato sa akin?
- Ano ang magiging palagay kung ang pasya ko ay inilathala sa dyaryo?
- Legal ba ito?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o hindi sigurado tungkol sa tamang kurso ng pagkilos, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa iyong lokal na Mga Mapagkukunang Pantao ("HR", Human Resources) o kinatawan ng Sangay ng Legal, o sa itinalagang pinuno ng pagsunod. Mangyaring tandaan na ang paghihiganti laban sa sinumang tao na nagsasabi ng walang masamang layunin na mga alalahanin o ulat, nang may mabuting hangarin, mga paglabag sa batas, mga regulasyon, Kodigo ng Asal, o mga patakaran ng Kumpanya ay ipinagbabawal.

Pakitandaan din na may mga patakaran ang Kompanya na sumasaklaw sa mga paksa na kasama sa Code of Conduct na ito. Pakisuyong tiyakin na basahin at sundin ang mga patakaran ng Kompanya.

Ano ang dapat gawin ng bawat isa sa atin

Ang bawat isa sa atin ay dapat unawain at sundin ang ating mga obligasyon sa ilalim ng Kodigo ng Asal, at maging masigla sa pagsunod.

- Regular na suriin ang iyong kaalaman at pag-unawa ng etikal at legal na mga pamantayan ng Varex ayon sa isinaad ng Kodigo ng Asal na ito at sa mga patakaran ng Kumpanya. Kung ikaw ay nasa labas ng Estados Unidos, mangyaring bigyan ng panahon na unawain ang mga pagkakaibang partikular na naaangkop sa iyo, dahil maaaring lampas ang mga ito sa mga patnubay at kinakailangan na isinasaad ng Kodigo ng Asal na ito. Tingnan ang intranet ng Varex o itanong sa iyong lokal na HR, Sangay ng Legal o kinatawan ng pagsunod para sa higit pang impormasyon.
- Pumunta sa naaangkop na mga sesyon ng pagsasanay para sa pagsunod at kumpletuhin ang online na pagsasanay sa napapanahong paraan.
- Panindigan ang wastong mga pamantayan ng Kodigo ng Asal, at sundin ang mga patakaran, pamamaraan, at gawi na sumusuporta sa mga ito, sa iyong pang-araw-araw na asal sa negosyo.
- Maging alerto sa anumang mga kilos na ilegal o paglabag sa Kodigo ng Asal o iba pang mga patakaran at pamamaraan ng Kumpanya.
- Agarang iulat ang potensyal na mga paglabag (tingnan ang *“Paano humingi ng payo at magsabi ng mga alalahanin”* sa ibaba). Huwag subukang imbestigahan ang mga bagay-bagay nang mag-isa.
- Tumulong na gawing kaaya-aya ang kapaligiran ng lugar ng trabaho sa pagpapanatili ng pinakamataas na legal at wastong mga pamantayan sa pang-araw-araw na mga gawaing pang-negosyo.
- Huwag unahin ang pansamantalang mga layunin sa pangako ng Varex sa pagsunod at etika.

Kung ikaw ay isang tagapangasiwa o pinuno, dagdag sa mga inaasahan bilang empleyado, ikaw ay dapat na:

- Magtakda ng halimbawa sa salita at gawa. Hikayatin ang wastong asal sa pamamagitan ng personal na pangunguna sa mga pagsisikap sa pagsunod.
- Bumuo ng kultura kung saan nauunawaan ng mga empleyado ang kanilang etikal na responsibilidad at magsabi ng mga alalahanin nang walang masamang layunin nang walang takot ng paghihiganti.
- Magsilbing unang punto ng kontak kapag ang mga miyembro ng grupo ay mayroong mga katanungan at mga alalahanin, at magbigay ng malinaw na patnubay. Kung hindi mo alam ang sagot o hindi ka sigurado, ipaalam sa miyembro ng grupo na babalikan mo sila at pagkatapos ay isangguni ang tanong o alalahanin sa naaangkop na sangay.
- Tulungan ang pagpasok ng mga empleyado at napapanahong pagkumpleto ng pagsasanay sa pagsunod.
- Isangguni ang lahat ng hindi wastong kilos at ilegal na asal sa inyong lokal na HR o kinatawan ng Sangay ng Legal, o nakatalagang pinuno ng pagsunod kung ikaw

ay nakasaksi ng hindi wastong asal o nakatanggap ng ulat tungkol dito. Ganap na makipagtulungan sa mga imbestigasyon ng Kumpanya at pahintulutan ang mga empleyado na gawin ito.

- Isaalang-alang ang mga pagsisikap sa pagsunod kapag nagtatasa at naggagantimpala ng mga empleyado.
- Tiyakin na nauunawaan ng mga empleyado na ang mga resulta sa negosyo ay hindi kailanman mas mahalaga kaysa sa wastong asal.

Paano humingi ng payo at magsabi ng mga alalahanin

Hinihikayat namin lahat ng aming mga stakeholder na agarang ipaalam ang mga tanong o alalahanin tungkol sa posibleng mga paglabag ng mga batas, Kodigo ng Asal, mga etikal na pamantayan sa negosyo, mga pamantayan sa pagkwenta at pag-awdit, o mga patakaran ng Kumpanya. Ang pag-imbestiga ng lahat ng mga ulat ng posibleng hindi pagsunod o hindi wastong kilos – kabilang ang mga ulat na napatunayang mali – ay nakatutulong sa Varex na mapanatili ang integridad ng programa sa etikal na pagsunod. Dagdag pa, kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong mga responsibilidad sa ilalim ng Kodigo ng Asal, mga patakaran ng Kumpanya, o mga kinakailangan sa naaangkop na mga batas o regulasyon, mangyaring humingi ng patnubay mula sa iyong lokal na HR o kinatawan ng Sangay ng Legal, o itinalagang pinuno ng pagsunod.

Nagpapanatili ang Varex ng Hotline sa pag-uulat online at sa telepono na pinapatakbo ng isang indipendyenteng tagapagbigay at magagamit 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Maaari mong gamitin ang serbisyong ito, kung saan mayroon, upang magtanong o mag-ulat ng mga alalahanin. Ang impormasyon na nagdedetalye kung paano magagamit ang Hotline ay makikita sa mga panloob at panlabas na mga website ng Varex at nakapaskil sa mga lokasyon ng Varex. Ang paraan kung paano maaaring gawin ang mga ulat ay nag-iiba bawat bansa, at maaari kang tumawag sa Hotline para sa karagdagang mga tagubilin.

Kahit na sa karamihan sa mga bansa ay maaari kang mag-ulat nang anonimo, ang makausap ang taga-ulat ay magpapahintulot sa amin na isagawa ang masinsinang imbestigasyon. Kaya't hinikayat kayo na sumang-ayon sa karagdagang mga pakikipag-ugnayan at sulat mula sa Varex (na maaaring gawin sa pamamagitan ng Hotline upang mapanatili ang pagiging anonimo) kapag nag-uulat ng insidente. Ang mga ulat ay ituturing nang patas at walang kinikilingan at papanatiliing kumpidensyal sa abot na makatuwirang posible na gawin, gayon na kailangan masinsinang imbestigahan ng Kumpanya ang impormasyong iniulat at napapailalim sa mga tungkuling nagmumula sa mga naaangkop na mga batas, regulasyon, o mga legal na pamamaraan.

MAHALAGA: *Para sa mga indibiduwal sa ilang mga bansa, pinahihintulutan lamang ng Hotline ang pag-ulat ng mga alalahanin sa pagkwenta o pag-awdit sa pamamagitan ng sistemang ito, dahil sa lokal na batas. Kung gusto mong mag-ulat ng mga problema sa lugar ng trabaho, makipag-ugnayan sa iyong lokal na HR o kinatawan ng Sangay ng Legal, o itinalagang pinuno ng pagsunod.*

Mga paglabag at hindi paghihiganti

Ang mga paglabag sa Kodigo ng Asal na ito ay siniseryoso, at maaaring maging batayan para sa aksyon sa pagdisiplina, kabilang ang mga babala o pagkatanggal sa trabaho alinsunod sa naaangkop na batas. Ang mga paglabag sa pagsunod ay maaaring magresulta, bukod sa iba pang mga bagay, sa mga multa at/o pagkakulong para sa mga indibiduwal, at mga multa, parusa, danyos sa ikatlong partido at pagkasira ng reputasyon para sa Kumpanya.

Hindi pinahihintulutan ng Varex ang paghihiganti laban sa sinumang tao na mag-uulat, nang may mabuting hangarin, ng mga paglabag ng batas, regulasyon, Kodigo ng Asal o mga patakaran ng Kumpanya. Ang paghihiganti, kabilang ang anumang pagtangka ng pinsala o paninirang-puri sa isa pang empleyado, o mga ulat na hindi ginawa nang may mabuting hangarin, ay maaaring batayan para sa pagdidisiplina hanggang sa at kabilang ang pagkatanggal sa trabaho, alinsunod sa naaangkop na batas.

MERKADO

Naaangkop na mga batas at potensyal na salungatan

Kaligtasan at kalidad ng produkto

Mga ugnayan sa mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan

Mga kagandahang-loob sa negosyo

Panunuhol at iba pang mga pagbabayad sa korapsyon

Patas na pagnenegosyo at pagsunod sa mga batas sa kumpetisyon

Pagsunod sa kalakalan

Pakikipagtrabaho kasama ng ikatlong mga partido

Pag-iwas sa money laundering

Naaangkop na mga batas at potensyal na salungatan

Ang mga empleyado ng Varex ay natatagpuan sa buong mundo at mga mamamayan ng maraming iba't ibang mga bansa. Bilang resulta, ang aming operasyon ay napapailalim sa mga batas ng maraming mga bansa, probinsya, estado, munisipalidad, at organisasyon. Ang kabiguang sumunod sa anumang naaangkop na batas ay magrerresulta sa seryosong sibil at hanggang sa kriminal na pananagutan at danyos sa ating mga ari-arian at reputasyon.

Minsan, maaaring mayroong salungatan sa pagitan ng mga batas ng ibang mga bansa, o sa pagitan ng naaangkop na batas at Kodigo ng Asal. Kapag naharap ka sa isang salungatan, mahalaga na komunsulta sa Sangay ng Legal ng Varex upang maunawaan kung paano lutasin ang salungatan nang maayos at iwasan ang pagkakaroon ng potensyal na panganib para sa Kumpanya at ng ating mga empleyado.

Ang iyong yunit ng negosyo o sangay ay maaaring maglabas ng sarili nitong mga patakaran, pamamaraan at patnubay. Dapat mong sundin ang mga patakaran, pamamaraan at patnubay na ito dagdag sa inilarawan sa Kodigo ng Asal. Kung mayroong salungatan sa pagitan ng mga patakaran, pamamaraan at patnubay ng negosyo at ng Kodigo ng Asal, at anumang mga kinakailangan ng batas, dapat mong gamitin ang pinakamahigpit na pamantayan. Kapag nakita mo ang ganitong salungatan, mangyaring sabihin iito sa Sangay ng Legal ng Varex.

Kaligtasan at kalidad ng produkto

Napakahalaga ng kaligtasan sa lahat ng produkto at serbisyo ng inilalaan ng Varex. Responsibilidad ng Varex na gumawa at ikalakal ang mga produkto nito na natutugunan ang mga legal na kahilingan at regulasyon pagdating sa disenyo, paggawa, at pagsusuplay ng mga produktong may positibong naidudulot sa merkado kung saan ginagamit ang mga ito. Dahil dito, nagbibigay kami ng regular na pagsasanay tungkol sa kalidad at mga kahilingan ng regulasyon, at inaasahan na susunod ang mga empleyado sa mga patakaran at pamamaraan tungkol sa reklamo at mga insidenteng may kaugnayan sa kaligtasan. Pakisuyong makipag-ugnayan sa Varex Regulatory and Quality Assurance Department kung may mga tanong kayo.

Mga ugnayan sa mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan

Ang propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan ay isang indibiduwal o entidad na katuwang sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa mga pasyente; at humihikayat, bumibili, umuupa, nagrerekomenda, gumagamit, nag-aayos ng mga pagbili o pag-upa ng, o nagrereseta ng mga produkto at serbisyo ng kumpanya. Ang mga halimbawa ng mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan ay ang mga doktor, nars, at kawani ng ospital.

Ang pagbuo ng tapat at nagtutulungang mga ugnayan kasama ng mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan ay mahalaga sa pag-unawa ng mga pangangailangan ng komunidad ng pangangalaga ng kalusugan. Ang mga ugnayang ito ay napapailalim sa mahigpit na mga regulasyon (na nag-iiba sa bawat bansa), na dapat alam at sundin ng lahat ng mga empleyado at ahente ng Varex.

Dapat na maingat na tiyakin ng Varex at mga empleyado nito na sinusunod nila ang naaangkop na mga batas kapag humaharap o nakikipag-ugnayan sa mga HCP. Dapat na nakapokus ang pakikipag-ugnayan sa mga HCP sa pagbibigay sa kanila ng bona fide na mga serbisyo at aprobado at makatuwirang mga rate sa merkado, pagbibigay-alam sa kanila tungkol sa mga produkto ng Varex, paglalaan ng siyentipiko at edukasyonal na impormasyon, at pagsuporta sa medikal na pananaliksik at edukasyon. Dapat na nasusunod ang mga pamamaraan ng Varex sa lahat ng pakikipag-ugnayan sa mga HCP, at anumang bayad o iba pang konsiderasyon na ibinibigay sa mga HCP ay dapat na masuri para sa posibleng transparency reporting. Sa ilang bansa at mga estado ng U.S., kinakailangang i-report ng Varex ang lahat ng bayad at mga ibinibigay (*hal.*, mga regalo, pagkain) sa mga health care professional, at maaaring pagbawalan pa nga na magbigay ng ganoong mga bagay, kahit maliit pa ang halaga. Kung inaasahan o gusto ninyong makipag-ugnayan sa isang HCP, pakisuyong makipag-ugnayan muna sa legal na departamento sa legal@vareximaging.com bago sa anumang naturang pakikipag-ugnayan para sa mas detalyadong patnubay.

Pakisuyong repasuhin ang aming mga corporate na patakaran tungkol sa pagtatrabaho kasama ang mga healthcare professional para sa higit pang impormasyon.

Mga kagandahang-loob sa negosyo

Ang pag-alok o pagtanggap ng mga kagandahang-loob sa negosyo (*hal.*, mga regalo, pabuya, donasyon, pagkain, at ibang mga anyo ng libangan) ay maaari o hindi maaaring katanggap-tanggap, depende sa kung sino ang nag-aalok o tumatanggap ng kagandahang-loob, kung saan nangyari ang pag-alok, at kung bakit ginawa ang pag-alok. Ang mga kagandahang-loob sa negosyo na inaalok sa mga pinuno ng pamahalaan o mga propesyunal sa pangangalaga ng kalusgan ay partikular na sensitibo, dahil maaaring ang mga ito ay lumalabag sa mga batas laban sa panunuhol o korapsyon o mga pamantayan ng gawi sa industriya. Lahat ng mga pag-alok at pagtanggap ng mga kagandahang-loob sa negosyo ay dapat ginagawa alinsunod sa naaangkop na mga batas at dapat umiwas sa anumang anyo ng kasinungalingan o hindi kaangkupan. Hindi ka maaaring magbigay o tumanggap ng kagandahang-loob sa negosyo kung ito ay maituturing na pagtangka na impluwensiyahan ang pinuno o ibang mga propesyunal sa negosyo para sa iyong personal na pakinabang o para sa pakinabang ng Kumpanya o alinman sa mga sangay nito. Pakisuyong repasuhin ang aming mga corporate na patakaran sa etikal na pagsunod para sa higit pang impormasyon at kontakin ang Varex Legal Department para malaman kung nararapat ba ang pag-aalok o pagtanggap ng isang partikular na business courtesy.

Panunuhol at iba pang mga pagbabayad sa korapsyon

Ang panunuhol ay tinutukoy bilang pag-alok, pagbigay o pagtanggap ng isang bagay na may halaga upang hindi wastong impluwensiyahan ang mga pananaw o asal ng tao. Sa mundo ng negosyo, ang panunuhol ay maaaring gamitin upang hindi wastong impluwensiyahan ang paghuhusga o mga kilos, appektuhan ang pasya, makakuha (o magpanatili) ng mga kustomer, o makakuha ng hindi patas na kalamangan. Ang panunuhol at iba pang mga pagbabayad sa korapsyon ay ipinagbabawal ng batas sa buong mundo. Ang Varex ay ganap na nakatuon sa mga prinsipyo at gawi ng mga batas laban sa panunuhol at laban sa korapsyon

Ang mga panunuhol ay maaaring sa anyo ng pera, mga regalo, libangan, mga kontribusyon, ilang mga diskwento o tawad, o anumang iba pang may halaga. Ang panunuhol ay ilegal ito man ay ginawa nang direkta o sa pamamagitan ng tagapamagitan. Sa ilang mga bansa, ang maliit na suhol, minsan tinatawag na “pampadali” o “padulas” na bayad, ay bahagi ng lokal na kultura. Ang mga empleyado ng Varex, at lahat ng mga partidong kumikilos sa ngalan nito, ay hindi pinahihintulutan sa ilalim ng anumang mga sitwasyon na magbigay o mag-alok ng anumang naturang mga pagbabayad o gumawa sa anumang asal na maaaring makita bilang pagbibigay o pag-aalok ng suhol. Pakisuyong repasuhin ang aming mga corporate na patakaran sa etikal na pagsunod para sa higit pang impormasyon.

Patas na pagnenegosyo at pagsunod sa mga batas sa kumpetisyon

Ang patas na pagnenegosyo ay nangangahulugan na walang hindi patas na kalamangan ang ginawa sa pamamagitan ng manipulasyon, pagtatago, pagsisinungaling ng mga mahahalagang katotohanan, pag-abuso ng kumpidensyal o pribilehiyong impormasyon, o mga katulad na gawi. Ang Varex ay nakikipagkumpitensya nang masigla, patas at tanging sa mga katangian ng ating

mga produkto at serbisyo. Ang ating mga kilos at ugnayan, kabilang ang mga kasama ng ating mga kustomer, tagapagtustos, kakumpetensya at empleyado, ay dapat batay sa patas na pagnenegosyo, patas na kumpetisyon sa kalidad, presyo, at serbisyo, at pagsunod sa naaangkop na mga batas at mga regulasyon.

Ang ating mga gawain sa negosyo ay napapailalim sa, at dapat nating sundin na mga batas sa kumpetensya (na tinutukoy rin bilang mga batas sa “antitrust”) saan man tayo nakikipagnegosyo. Ang mga batas na ito ay naglalayon na tiyakin ang patas at tapat na kumpetisyon. Karaniwan, ang mga batas na ito ay nagbabawal sa mga sabwatan sa paggitan ng mga kakumpetensya, hindi wastong pagtangka na sarilinin ang mga merkado at ayusin o kontrolin ang mga presyo, at iba pang hindi patas na mga gawi sa negosyo. Ang mga batas na ito ay naaangkop sa maraming aspeto ng ating negosyo, kabilang ang pagbebenta, pagmemerkado, pagkuha, pangontrata, at mga pagsasanib at pagkuha, at napakalawak at masalimuot. Dapat na mag-ingat upang maunawaan kung paano naaapektuhan ng mga ito ang ating pang-araw-araw na mga gawain, kaya mangyaring humiling ng patnubay kung kinakailangan.

Pagsunod sa kalakalan

Ang paglago at tagumpay ng pandaigdig na negosyo ng Varex ay nakasalalay sa ating patuloy na kakayahang magsagawa ng kalakalan sa kabilang panig ng mga hibaybay sa madaling pamamaraan. Maraming mga bansa ang pinapangasiwaan ang mga transaksyon sa pandaigdig na kalakalan, tulad ng mga pag-angkat, pagluwas at pandaigdig na pinansiyal na mga transaksyon, para sa iba’t ibang mga dahilan, kabilang ang pambansang seguridad at patakarang panlabas. Nakatuon ang Varex sa pagsunod sa naaangkop na mga batas at regulasyon sa pagluwas at pag-angkat sa mga bansa kung saan ito gumagawa ng negosyo. Sa pagsasagawa ng negosyo sa kabilang panig ng mga hibaybay, mangyaring alamin at sumunod sa naaangkop na mga batas, pati na rin sa patakaran at mga pamamaraan ng pagsunod sa pandaigdig na kalakalan ng Varex.

Ang mga programa sa mga pandaigdig na kapahintulutan ang naghihigpit o nagbabawal ng negosyo ng Varex sa o kasama ng ilang mga bansa, negosyo, at mga tao pati na rin ang paghihigpit ng ilang uri ng panghuling paggamit ng mga produkto ng Varex na sumusuporta sa nuclear na paglaganap, teknolohiya ng missile, at kemikal at bayolohikal na mga armas. Dahil ang mga batas na ito ay masalimuot at madalas nagbabago, ang mga empleyado ay dapat laging makipag-ugnayan sa Sangay ng Pagsunod sa Kalakalan para sa patnubay sa anumang ipinanukalang gawain sa negosyo kaugnay sa mga pinahihintulutang bansa o kasama ng pinaghihigpitang partido o panghuling paggamit.

Pakikipagtrabaho kasama ng ikatlong mga partido

Sa maraming sitwasyon, kumukuha ang Varex ng mga indibiduwal o kumpanya na nagbibigay ng mga produkto at serbisyo sa ngalan ng Varex. Ang mga kilos at gawain ng mga ikatlong partido na ito ay maiuugnay sa Varex. Nagsasagawa ang Varex ng angkop na pagsisikap sa mga ikatlong partido na ito at kinakailangan na ang ikatlong partido ay kumuha ng naaangkop na pagsasanay bago sila panatilihin.

Pag-iwas sa money laundering

Ang money laundering ay ang kilos ng pagtago ng mga pinagkukunan ng pera upang umiwas sa pagbunyag ng mga pinagkukunan, gamit, o pagbayad ng mga buwis.

Nakatuon ang Varex sa pagsunod sa mga batas laban sa money laundering at laban sa terorismo sa buong mundo. Magsasagawa tayo ng negosyo tanging sa mga mapagkakatiwalaang mga kustomer na sangkot sa lehitimong mga gawain sa negosyo gamit ang mga pondong kinuha mula sa lehitimong mga pinagkukunan. Ang mga empleyado ay dapat umiwas na sumali sa anumang transaksyon na nakabalangkas sa paraan na makikita bilang pagtago ng ilegal na asal o korap na likas ng mga nalikom o ari-arian na lumabas sa transaksyon. Ang kabiguang matuklasan ang mga ugnayan sa kustomer at mga transaksyon na maglalagay sa Varex sa panganib ay malubhang nakapipinsala ng ating integridad at reputasyon.

MGA KAPWA EMPLEYADO

Lugar ng trabaho at respeto sa isa't isa

Karapatang pantao

Panliligalig at pang-aapi

Patas na trabaho

Kalusugan at kaligtasan

Pagkapribado ng datos ng empleyado at kustomer

Lugar ng trabaho at respeto sa isa't isa

Sa Varex, itinuturing namin ang aming mga empleyado na aming pinakamahalagang lakas. Kapag pinapahalagahan ang mga empleyado at itinuturing bilang mga miyembro ng grupo, sila ay nagaganyak na mag-ambag sa kapaligiran ng trabaho sa nakatutulong at epektibong paraan, na mapapakinabangan ng lahat. Lahat tayo ay gumaganap ng papel sa pagbuo at pagpanatili ng ganitong uri ng kapaligiran. Ang lugar ng trabaho sa Varex ay dapat malaya mula sa panliligalig, diskriminasyon, pananakot, pang-aapi, at paghihiganti. Ang diskriminasyon batay sa protektadong klase ay hindi pinahihintulutan.

Ang Varex ay nalulugod na maging isang pangglobong kompanya na may sari-saring mga empleyado, business partner, at iba pang stakeholder. Hinihimok namin ang pagpapahalaga at paggalang sa iba't ibang pinagmulan, karanasan, kaisipan, at talento ng aming mga empleyado at business partner. Nasa sentro ng aming mga EPIC Core Value ang pag-unawa, paggalang, at pagpapahalaga sa pagiging nabibilang, pagkakaiba-iba, at pagkakapantay-pantay. Inaasahan naming pakikitunguhan ang iba nang may paggalang at konsiderasyon dahil sa kanilang naiibang mga prinsipyo, paniniwala, at kultura. Pinapahalagahan namin ang input mula sa iba na maaaring may ibang pananaw at itinataguyod ang isang kapaligiran na may pagtitiwala at katapatan.

Karapatang pantao

Gayundin, dedikado kami para sa mabuting pagkamamamayan, at pinoprotektahan namin at isinusulong ang mga karapatang pantao na kinikilala sa buong daigdig. Pakisuyong tingnan ang aming Human Rights Policy para sa karagdagang

impormasyon tungkol sa aming mga patakaran at pamamaraan sa karapatang pantao.

Panliligalig at pang-aapi

Hindi kinukunsinti ng Varex ang anumang anyo ng panliligalig, pambu-bully, o pananakot, ito man ay berbal, di-berbal, o pisikal. Sa lahat ng pagkakataon, ang mga empleyado ng Varex ay dapat sumunod sa mga patakaran ng Varex, naaangkop na mga batas, gumamit ng sentido komun, at magpakita ng paggalang sa iba.

Mahalagang tandaan na ang panliligalig, sekswal o iba pa, ay natutukoy ng bawat isa sa ating mga kilos at kung paano sila nakikita ng iba, anupaman ang ating mga intensyon. Kung sa tingin mo may panliligalig sa iyo, nang-aapi sa iyo o pumipigil sa iyong kakayahan na isagawa ang iyong trabaho, mayroon kang karapatan na hilingin sa tao na tumigil, at sabihin sa kanya – sa klaro, propesyunal na paraan – na ang kilos ay hindi kanais-nais. Maaari mo ring iulat ang naturang kilos o alalahanin sa iyong lokal na HR o kinatawan ng Sangay ng Legal, o itinalagang pinuno ng pagsunod, o kumunsulta sa Hotline para sa mga alternatibo para sa pag-ulat sa iyong bansa. Ang paghihiganti ay ipinagbabawal kapag ikaw ay kumilos nang may mabuting hangarin upang iulat ang insidente ng panliligalig, pang-aapi o pananakot.

Patas na trabaho

Matatag na nakatuon ang Varex sa pagbigay ng pantay na mga pagkakataon sa trabaho sa kasalukuyan at magiging mga empleyado. Binabatay ng Kumpanya ang mga pasya sa trabaho sa mga kwalipikasyon sa trabaho at kahusayan, na kasama ang mga kasanayan ng indibiduwal, pagganap at pamumuno, at ginagalang namin at sinusunod ang mga lokal at pambansang batas sa mga lokasyon kung saan nagtatrabaho ang aming mga empleyado sa buong mundo. Sa tuwing posible, ginagawa ng Varex ang makatuwirang mga kaluwagan para sa mga indibiduwal na may kapansanan.

Kalusugan at kaligtasan

Nakatuon ang Varex sa pagsunod sa mga batas sa kalusugan at kaligtasan at pagpigil sa mga pinsala hangga't maaari. Ikaw ay responsable para sa pagbuo at pagpanatili ng ligtas na kapaligiran sa trabaho na nagbabawas sa mga pinsala sa lugar ng trabaho at pinoprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado, kasosyo sa negosyo, at mga bisita ng Varex. Upang matiyak ang kaligtasan sa lugar ng trabaho, hindi pinahihintulutan ng Varex ang paggamit ng droga o alak sa lugar ng trabaho. Dapat sumunod ka sa mga kinakailangan ng batas, regulasyon at Kumpanya na nagbabawal sa paggamit ng ilegal na mga sangkap.

Pagkapribado ng datos ng empleyado at kustomer

Nakatuon ang Varex sa pinamakamataas na mga pamantayan sa pagprotekta ng datos na pagmamay-ari ng aming mga empleyado at ng aming mga kustomer. Ang pagpapanatili ng pagkapribado ng empleyado at pagiging kumpidensyal ng mga talaan ng mga empleyado at personal na impormasyon ay mahalaga. Ang akses sa mga talaan ng empleyado ay limitado sa mga indibiduwal na may awtorisasyon para sa mga kadahilanang balido, legal, kaugnay sa negosyo, at anumang impormasyong

nakuha mula sa mga talaan ng empleyado ay maaaring gamitin lamang sa ilalim ng naturang awtorisasyon. Ang mga empleyadong may akses sa, o nagtatrabaho sa, personal na impormasyon ng mga kasamahan sa Varex ay may responsibilidad na hawakan ang impormasyong iyon nang maayos at gawin ang lahat ng makatuwirang pag-iingat upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal nito. Ang mga empleyado ay may akses sa kanilang sariling mga talaan ayon sa mga lokal na batas.

Sumusunod ang Varex sa naaangkop na mga batas sa pagtrato ng datos ng empleyado at kustomer alinsunod sa mga patakaran sa pagkapribado ng Varex.

KOMUNIDAD AT KAPALIGIRAN

Mga kontribusyon sa politika

Sustainability ng kapaligiran

Pakikipag-ugnayan sa ngalan ng Kumpanya

Social media

Mga kontribusyon sa politika

Dapat sumunod ang Varex sa mahigpit na mga batas na nangangasiwa ng mga politikal na gawain ng korporasyon, paglolobi at pag-aambag na nag-iiba sa buong mundo. Sa kadahilanang ito, inaawtorisa namin ang limitadong bilang ng mga indibiduwal upang gawin ang mga pagsisikap upang talakayin ang batas o patakaran ng pamahalaan kasama ng mga opisyal sa politika. Samakatuwid, kapag ikaw ay personal na lumahok sa mga politikal na proseso, maaari mo lamang gawin ito gamit ang iyong sariling pera, oras at mga mapagkukunan. Tanging ang limitadong bilang ng awtorisadong mga empleyado ang maaaring makipag-ugnayan sa opisyal ng pamahalaan sa ngalan ng Varex para sa mga layuning politikal.

Sustainability ng kapaligiran

Sinisikap naming maging sustainable ang aming mga operation at inaasahan na pangangasiwaan ng aming mga empleyado ang mga operation namin sa responsableng paraan na kaayon sa aming mga prinsipyo. Pakisuyong tingnan ang aming Environmental Policy para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran at pamamaraan sa sustainability ng kapaligiran.

Pakikipag-ugnayan sa ngalan ng Kumpanya

Bilang isang U.S.-based publicly traded company, dapat magbigay ang Varex ng malinaw at tumpak na impormasyon sa media, mga financial analyst, investor, at sa publiko. Nakakatulong ito para mapanatili ang integridad sa aming mga relasyon sa aming mga business partner at iba pang investor, na dahil dito, gumaganda ang aming reputasyon sa publiko.

Tanging ang mga opisyal na itinalaga ng Varex ang pinahihintulutan na makipag-ugnayan o lumahok sa mga panayam sa media, mga kaganapan o pagtitipon sa ngalan nito. Kung ikaw ay nilapitan ng isang namumuhunan o miyembro ng media, mangyari isangguni sila sa Ugnayang Pang-namumuhunan o sa ating grupo ng Pagmemerkado, kung naaangkop. Kapag hindi sigurado tungkol sa anumang

pakikipag-ugnayan, makipag-ugnayan sa Ugnayang Pang-namumuhunan o sa Sangay ng Legal.

Social media

Kinikilala ng Varex ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan kasama ng mga kasosyo ng negosyo sa pamamagitan ng iba't ibang kagamitan sa social media, gayunpaman, kung hindi ginagamit nang responsable nagdudulot ito ng isyu sa pagkakumpidensyal at reputasyon para sa atin at sa iyong sarili. Hinihikayat namin kayo na maging responsable kapag gumagamit ng social media.

Kapag nagpo-post sa social media para sa mga layuning pang-negosyo, tumuon sa pagbuo ng halaga para sa ating mga namumuhunan at kustomer. Mag-post lamang ng wastong pampublikong impormasyon at huwag mag-post ng kumpidensyal na impormasyon, at iwasan ang pagpapahayag tungkol sa ating mga produkto maliban kung aprubado ang mga ito ng pangangasiwa. Mangyaring huwag maghayag na nagsasalita sa ngalan ng Kumpanya.

Kung nagpo-post kayo sa inyong personal na social media account, pakisuyong tandaan na ang mga pakikipag-usap ninyo sa online ay maaaring direktang makaapekto sa lugar ng trabaho kahit na nangyayari ito sa oras na tapos na ang trabaho. Tandaan na ang inyong mga online na pakikipag-usap ay maaaring ma-reference anumang oras at makakaapekto sa inyo at sa reputasyon ng Kumpanya.

MGA ARI-ARIAN AT IMPORMASYON NG KUMpanya

Mga salungatan ng interes

Kumpidensyal na impormasyon

Panloob na pangangalakal at pagti-tip sa stock

Ari-ariang intelektwal

Pagbubunyag ng mga sekreto ng kalakalan

Proteksyon at tamang paggamit ng mga ari-arian ng Kumpanya; Mga pagkakataon sa korporasyon

Pagpapanatili ng talaan at pag-uulat sa publiko

Paggamit ng mga network at sistema ng komunikasyon ng Kumpanya

Mga salungatan ng interes

Ang bawat isa sa atin ay may tungkulin na magtrabaho sa pinakamahusay na interes ng Varex at gumamit ng mabuting paghuhusga upang maiwasan ang mga sitwasyon na nagpapakita ng isang aktwal o potensyal na salungatan sa mga interes ng Varex. Para sa mga miyembro o empleyado ng Varex Board, maaaring kabilang dito ang pagtanggì mula sa mga talakayan kapag ang pakikilahok ay maaaring mapansin bilang paglikha ng naturang salungatan.

Ang isang salungatan ng interes ay nangyayari kapag ang mga pribadong interes (o ang mga interes ng isang miyembro ng pamilya) ay nakikialam, o kahit na lumilitaw na nakikialam, sa mga interes ng Varex. Ang isang salungatan ng interes ay maaaring lumitaw mula sa pagsasagawa ng mga pagkilos o pagkakaroon ng mga interes na posibleng maging dahilan upang maging mahirap ang pagsasagawa ng trabaho

para sa Varex nang may layunin at epektibo. Ang mga salungatan ng interes ay lumilitaw din mula sa pagtanggap ng mga hindi nararapat na personal na benepisyo bilang resulta ng iyong papel sa Varex.

Bagama't hindi natin mailista ang lahat ng ito sa Code of Conduct na ito, ang ilang halimbawa ng mga sitwasyon na maaaring magdulot ng salungatan ng interes ay kinabibilangan ng: paggamit ng mga ari-arian ng kumpanya para sa personal na pakinabang; pagkakaroon ng pinansiyal na interes sa isang kontrata kung saan ang Varex ay isang partido; pagkakaroon ng interes sa pananalapi o iba pang negosyo sa isang customer, supplier, o katunggali sa Varex; pagkakaroon ng relasyon sa isang potensyal na empleyado o tagagawa ng desisyon sa isang customer, supplier, o kakumpitensya ng Varex, o iba pang mga pagkilos na nagpapahirap sa pagganap ng iyong mga responsibilidad para sa Varex. Kahit ang mismong paglitaw ng isang salungatan ng interes ay dapat na iwasan. Ang mga pautang sa pamamagitan ng Varex sa, o garantiya sa pamamagitan ng Varex ng mga obligasyon ng, mga empleyado o ang kanilang mga miyembro ng pamilya ay lubos na ikinbabahala at maaaring bumuo ng hindi wastong personal na benepisyo sa mga tatanggap ng mga pautang o garantiya na ito, depende sa mga katotohanan at pangyayari. Ang mga pautang ng Varex sa, o garantiya ng Varex ng mga obligasyon ng, anumang miyembro o opisyal ng Varex Board ay malinaw na ipinagbabawal.

Kung naniniwala ka na may umiiral na potensyal o aktwal na salungatan ng interes, mangyaring ipakipag-usap agad ang sitwasyon sa iyong manager o sa iyong lokal na HR o kinatawan ng Kagawaran ng Legal o itinalagang opisyal ng pagsunod.

Anumang transaksyon na kinasasangkutan ng mga empleyado ng Varex na maaaring magdawit ng isang salungatan ng interes ay dapat na aprubahan nang maaga ng manager ng empleyado at ng General Counsel o Associate General Counsel ng Kumpanya.

Anumang transaksyon na kinasasangkutan ng mga miyembro at opisyal ng Varex Board na maaaring magdawit ng salungatan ng interes ay dapat i-refer sa General Counsel ng Kumpanya. Pagkatapos ng pagsusuri, ang General Counsel ay mag-a-apruba o, kung naaangkop, ipaubaya nila sa Nominating and Corporate Governance Committee para sa pagsasaalang-alang at pag-apruba.

Ang lahat ng mga kaugnay na transaksyon ng partido, itinuturing man o hindi na isang salungatan ng interes, ay dapat na aprubahan alinsunod sa aming Kaugnay na Patakaran sa Transaksyon ng Partido.

Kumpidensyal na impormasyon

Ang kumpidensyal na impormasyon tungkol sa Varex, kabilang ang mga lihim ng kalakalan at impormasyon sa negosyo, pinansyal, teknikal, pag-aari, at ng kawani, nakasulat man, sinasabi o elektroniko, ay mahahalagang ari-arian ng Varex. Ang sadya o hindi sinasadyang pagbubunyag ng kumpidensyal na impormasyon ay maaaring malubhang puminsala sa pinansyal na pagganap at mapagkumpetensyang posisyon ng Varex at sa ating mga karapatan sa ari-ariang intelektuwal, mga lihim ng kalakalan, o pag-aaring impormasyon. Ang kumpidensyal na impormasyon ay dapat

laging nakatatak na Kumpidensyal at Pag-aaring Impormasyon ng Varex Imaging Corporation. Ang bawat isa sa atin ay responsable para sa pagprotekta laban sa hindi awtorisadong pagbubunyag o paggamit ng kumpidensyal na impormasyon ng Varex, at ang kumpidensyal na impormasyon ng Varex ay dapat hindi ginagamit para sa iyong sariling pakinabang o para sa pakinabang ng kakumpetensiya o hindi awtorisadong ikatlong partido. Mangyaring malaman na ang iba ay maaaring malaman ang kumpidensyal na impormasyon kapag ikaw ay nag-aakses o tumatalakay ng kumpidensyal na impormasyon sa isang pampublikong lugar.

Gayundin, maaaring may access kayo sa mga kompidensiyal na impormasyon ng mga third party, kabilang ang mga dating employer o mga business partner ng Varex tulad ng mga ahente, consultant, kostumer, supplier, distributor, sales representative, independiyenteng kontratista, at joint venture o mga strategic partner. Ang impormasyong ito ay maaaring nakuha sa pamamagitan ng isang kasunduan sa pagiging kompidensiyal o sa iba pang paraan. May pananagutan kayong protektahan ang impormasyong ito at huwag itong gamitin o isiwalat sa maling paraan.

Panloob na pangangalakal at pagti-tip sa stock

Ang paggamit ng mahalaga, hindi-pampublikong ("panloob" na) impormasyon para sa iyong sariling pinansyal o iba pang personal na pakinabang, o pagbabahagi ng impormasyong ito sa iba, ay maaaring paglabag sa parehong sibil at kriminal na batas. Ang panloob na impormasyon ay balita tungkol sa kumpanya na hindi alam ng namumuhunang publiko. Ang panloob na impormasyon ay "mahalaga" kung ito ay maaaring makatuwirang inaasahang magbabago ng kabuuang halo ng impormasyong mayroon tungkol sa kumpanya o makaaapekto sa presyo ng stock ng kumpanya. Kabilang sa karaniwang mga halimbawa ang mga pagpapalagay o mga pagbabago sa mga pagtatantya ng mga kita sa hinaharap, isang pinanukalang pagsasanib o pagkuha o pagbebenta ng maraming mga ari-arian, mga alok ng stock o muling pagbili, at makabuluhang pagpapalawig o pagbabawas sa operasyon.

Kung may alam kang mahalagang panloob ng impormasyon tungkol sa kumpanya, ikaw ay pinagbabawalang direkta o hindi direktang magkalakal ng stock sa kumpanyang iyon (kilala bilang "panloob na pangangalakal") at dapat tumigil sa pagbunyang ng impormasyon sa iba o pagrekomenda sa iba na magkalakal ng stock sa kumpanyang iyon (kilala bilang "pag-tip sa stock"). Ang impormasyon ay maaaring tungkol sa Varex o tungkol sa ibang mga kumpanya kung saan ang impormasyon tungkol sa ibang mga kumpanya ay nalaman ng indibiduwal sa pamamagitan ng kanilang ugnayan sa Varex. Ang paghihigpit laban sa panloob na pangangalakal at pagti-tip sa stock ay naaangkop rin sa iyong mga miyembro ng pamilya at iba pang nakatira sa parehong sambahayan, pati na rin sa mga account na kontrolado ng o napailalim sa impluwensya ng mga taong ito.

Ari-ariang intelektwal

Ang ari-ariang intelektuwal, kabilang ang mga lihim ng kalakalan, ay isa sa pinakamahalagang ari-arian ng Varex. Lahat tayo ay dapat magtulungan upang pangalagaan ang ating mga patente, tatak-pangkalakal, karapatang magpalathala, lihim ng kalakalan, at iba pang mga pag-aaring impormasyon. Gayundin, kritikal na

ginagalang natin ang balidong mga karapatan sa ari-ariang intelektuwal ng iba. Dapat nating igalang ang ari-ariang intelektuwal at mga lihim ng kalakalan na pagmamay-ari ng ating mga kasosyo sa negosyo at sumunod sa mga tuntunin sa anumang mga kasunduan kaugnay sa ating mga ugnayan sa negosyo.

Proteksyon at tamang paggamit ng mga ari-arian ng Kumpanya; Mga pagkakataon sa korporasyon

Ang bawat isa sa atin ay kinakailangang protektahan ang mga ari-arian ng Kumpanya, parehong mga nahahawakan at hindi nahahawakan, laban sa pagkawala, pagnanakaw, maling paggamit at hindi wastong pagbubunyag, at tiyakin ang epektibong paggamit ng naturang mga ari-arian. Ang maling paggamit ng mga ari-arian ng Kumpanya ay may direktang epekto sa kakayahang kumita ng Varex. Ang mga ari-arian ng Kumpanya ay dapat gamitin lamang para sa lehitimong mga layuning pangnegosyo, bagaman ang hindi sinasadyang personal na paggamit ng ilang ari-ariang ay maaaring naaangkop ayon sa pinahihintulutan ng patakaran ng Kumpanya at ayon sa tinukoy ng iyong superbisor.

Ang bawat isa sa atin ay pinagbabawalan mula sa pagkuha (o atasan ang ikatlong partido) ng pagkakataon sa negosyo na natuklasan sa pamamagitan ng paggamit ng pagmamay-ari, impormasyon o posisyon ng korporasyon, maliban kung ang Kumpanya ay inalok at tinanggihan ang pagkakataon. Sa mas pangkalahatan, ang bawat isa sa atin ay pinagbabawalan mula sa paggamit ng pagmamay-ari, impormasyon o posisyon ng korporasyon para sa personal na pakinabang at mula sa pagkumpetensya sa Kumpanya. May tungkulin tayo sa Kumpanya na isulong ang lehitimo nitong mga interes kapag mayroong pagkakataon.

Pagpapanatili ng talaan at pag-uulat sa publiko

Gumagawa ng mga pasya sa negosyo ang Varex batay sa impormasyong pinapanatili sa bawat lebel ng Kumpanya. Ang hindi kumpleto o hindi wastong impormasyon ay maaaring maghantong sa malubhang legal at pinansyal na mga kinahihinatnan.

Ang Varex ay legal na inaatasan ng maraming mga ahensya ng pamahalaan, kabilang ang Komisyon ng mga Panagot at Palitan ng Estados Unidos, Pangangasiwa ng Pagkain at Droga ng Estados Unidos, na magsampa ng napapanahon, kumpleto, wasto, at mauunawaang mga ulat at pahayag ng buwis sa naaangkop na mga awtoridad at magpanatili, sa makatuwirang detalye, ng mga libro at talaan na wastong sumasalamín ng mga gawain ng Varex. Sa ilang pagkakataon, maaari tayong tawagin upang magbigay ng impormasyon upang tulungan ang Varex na tumugon sa mga pag-uulat at pagsasampa ng mga kinakailangan. Inaasahan ng Kumpanya na lahat tayo ay siniseryoso ang responsibilidad na ito at itala at iulat ang impormasyon nang napapanahon, ganap, wasto, patas at tapat. Walang empleyado ang maaaring magpasok, o magsanhi na magpasok, ng impormasyon sa mga libro o talaan ng Kumpanya na sinasadyang mandaya, magsinungaling, kaligtaan, o magpanggap ng totoong likas ng anumang transaksyon o resulta. Dagdag pa, ang mga transaksyon, pagtatasa, at pagtatya ng Varex ay dapat itala at iulat ayon sa kinakailangan upang mapanatili ang pananagutan para sa mga ari-arian at upang

maghanda ng pinanasyal na mga pahayag ayon sa karaniwang tinatanggap na mga prinsipyo ng pagkwenta.

Paggamit ng mga network ng kumpanya at mga sistema ng komunikasyon

Nagbibigay ang Varex ng paggamit ng mga kagamitan sa pakikipag-ugnayan tulad ng email, kompyuter, mga file ng datos, mga telepono, voicemail, mga photocopy, mga tatak-pangkalakal at logo para sa mga layuning kaugnay sa trabaho upang mapabuti ang kahusayan at pagiging epektibo ng trabaho ng aming mga empleyado at pakikipag-ugnayan. Ang mga empleyado ay kinakailangang gumamit ng mga kagamitang ito sa paraang propesyunal, etikal, at ayon sa batas at gumamit ng mabuting paghuhusga at mabuting pagpapasya ayon sa nakabalangkas sa mga patakarang ng Kumpanya.

Hindi ka dapat magsagawa ng anumang makabuluhang personal na negosyo sa lugar ng Kumpanya, sa oras ng Kumpanya, o gamit ang mga kagamitan ng pakikipag-ugnayan ng Kumpanya. Sa ilang mga bansa, ang datos at mga pakikipag-ugnayan ay maaaring ituring na pagmamay-ari ng Varex at maaaring i-akses ng Varex ang datos kung kinakailangan ng batas o kinakailangan para sa mga kadahilanang pangnegosyo. Ang mga lokasyon ng Varex sa labas ng Estados Unidos ay maaaring may mas mahigpit na mga patakaran o ipinagbabawal ang paggamit ng mga sistema ng Kumpanya para sa personal na paggamit. Ang mga lokasyong ito ay magkakaroon ng kanilang sariling mga panuntunan ukol sa pagsusuri at pagsusubaybay ng mga email at iba pang elektronikong pakikipag-ugnayan, batay sa mga lokal na batas, at ang mga empleyado ay dapat tiyakin na komunsulta sa lokal na mga patakaran kung naaangkop.

MGA PAGSUSOG, PAGBABAGO, AT PAGPAPAUBAYA

Ang Kodigo ng Asal na ito ay maaaring susugan o baguhin paminsan-minsan ng Lupon ng Kumpanya o komite ng Lupon, napapailalim sa pagbubunyag at iba pang mga probisyon sa Batas sa mga Palitan ng Panagot ng 1934, ayon sa isinusuog, at ang mga panuntunan sa ibaba (ang "Batas '34"), at ang naaangkop na mga panuntunan sa NASDAQ Stock Market (ang "Mga Panuntunan ng NASDAQ "). Anumang pagsusog, pagbabago o pagpapaubaya ng mga probisyon sa Kodigo ng Asal para sa mga pinuno ng o mga miyembro ng Lupon ng Kumpanya ay maaari lamang gawin ng Lupon o komite ng Lupon at dapat agarang ibunyag sa mga stockholder ayon sa inaatas ng Batas '34 at Mga Panuntunan ng NASDAQ.